

LD منظمة اطباء العالم LÄKARE I VÄRLDEN MEDICI DEL MON  
MÉDICOS DO MUNDO MÉDICOS DEL MUNDO 世界の医療団  
世界医生组织 DOCTORS OF THE WORLD منظمة أطباء العالم  
DOKTERS VAN DE WERELD MÉDICOS DO MUNDO  
गै डॉक्टर MÉDECINS DU MONDE 世界医生组织 DOCTORS  
I DEL MONDO ΓΙΑΤΡΟΙ ΤΟΥ ΚΟΣΜΟΥ DOKTERS VAN DE  
WELT दुनिया के डॉक्टर MÉDECINS DU MONDE 世界医生组织 DO

In association with



BritishRedCross



# PAGBABAKUN A SA CORONAVIRUS (COVID-19)

ENGLAND, SCOTLAND AT WALES

Ang mga bakuna sa coronavirus (COVID-19) ay ligtas at epektibo.  
Binibigyan ka nito ng pinakamahusay na proteksyon laban sa  
coronavirus.

Bersyon 1 (binago noong 03.03.2021)

TAGALOG | FILIPINO 

## Nilalaman

SINO ANG MAKAKAKUHA NG BAKUNA SA COVID-19? .....	2
PAANO IBINIBIGAY ANG BAKUNA SA COVID-19.....	4
PAANO MAKAKUHA NG BAKUNA SA COVID-19 .....	4
GAANO KALIGTAS ANG MGA BAKUNA SA COVID-19? .....	7
GAANO KABISA ANG BAKUNA SA COVID-19? .....	7
MGA EPEKTO SA BAKUNA NG COVID-19.....	8
SANGKAP NG BAKUNA SA COVID-19.....	9
KARAGDAGANG IMPORMASYON .....	9

## SINO ANG MAKAKAKUHA NG BAKUNA SA COVID-19?

Ang mga bakuna sa COVID-19 na inaalok ng NHS ay malayang magagamit sa lahat ng mga may sapat na gulang sa England, Scotland at Wales, anuman ang katayuan sa imigrasyon. Kasama rito ang mga taong hindi nakakatanggap ng tulong mula sa pampublikong pondo. Ang NHS ay kasalukuyang nag-aalok ng bakuna sa COVID-19 sa mga taong pinaka nanganganib mula sa coronavirus.

Inaalok ang mga bakuna sa ilang mga botika, sa mga local na sentro ng pagbabakuna na pinapatakbo ng mga GPs at sa mas malaking mga sentro ng pagbabakuna.

Bibigyan ng bakuna ng NHS ang mga tao ayon sa panganib sa klinikal, higit sa lahat batay sa mayroon nang mga kondisyong medical at mga pangkat ng edad mula matanda hanggang bata. Ang ilang mga tao ay higit na nasa panganib kaysa sa iba na may malubhang komplikasyon mula sa COVID-19.

Ibinibigay ito sa:

- mga taong may edad na 55 pataas
- mga taong may mataas na panganib mula sa coronavirus (mga may pangmatagalang kondisyon sa kalusugan)
- mga taong mas may panganib sa mga komplikasyon mula sa coronavirus dahil sa mayroon nang mga problemang medical (tulad ng COPD, hika, problema sa puso, sakit sa bato o atay, diabetes at iba pang mga pangmatagalang problema sa kalusugan)
- mga taong naninirahan o nagtatrabaho sa mga home care
- mga health worker at social worker
- mga taong may kapansanan sa pagkatuto
- mga taong karapat-dapat para sa Carer's Allowance

Nilalayan ng gobyerno ng UK na ialok sa lahat ng matatanda ang kanilang unang dosis ng pagbabakuna sa pagtatapos ng Hulyo.

**England:** [Basahin ang pinakabagong impormasyon tungkol sa bakuna sa COVID-19 para sa mas matatanda](#)

**Scotland:** [Basahin ang pinakabagong impormasyon tungkol sa bakuna sa COVID-19 para sa matatanda](#)

**Wales:** [Basahin ang pinakabagong impormasyon tungkol sa bakuna sa COVID-19](#)

## Kung hindi ka pa karapat-dapat

Maghintay upang makipag-ugnay. Ipapaalam sa iyo ng NHS kung kalian ang iyong oras para makakuha ng bakuna.

**England:** [Basahin ang pinakabagong impormasyon tungkol sa pagiging karapat-dapat sa bakuna ng COVID-19 at mga supply ng bakuna](#)

## Angkop ba ang bakuna para sa lahat?

Walang katibayan na ang bakuna sa COVID-19 ay hindi ligtas kung ikaw ay buntis. Ngunit higit na katibayan ang kinakailangan bago mo ito regular na maialok.

Ang Joint Committee for Vaccination and Immunisation ay nag-update ng payo nito upang magrekomenda na maaari mong isaalang-alang ang pagkakaroon ng bakuna kung ikaw ay buntis at:

- nasa mataas na panganib na makakuha ng coronavirus dahil sa pinagtatrabahuhan mo
- may kondisyong pangkalusugan na nangangahulugang nasa mataas na panganib ka ng malubhang kumplikasyon ng coronavirus

Hindi mo kailangang umiwas sa pagbubuntis pagkatapos ng pagbabakuna. Ang mga bakuna ay walang nilalaman na anumang buhay na virus at walang maipapasa sa iyo o sa iyong sangol na COVID-19. Walang katibayan na ang mga bakuna sa COVID-19 ay makakaapekto sa kakayahang magkaanak.

Maaari kang magkaroon ng bakuna sa COVID-19 kung ikaw ay nagpapasuso. Makipag-usap sa isang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan bago ka magpabakuna. Tatalakayin nila ang mga benepisyo at panganib sa iyo.

**England:** [Basahin ang pinakabagong payo sa bakuna sa COVID-19 kung ikaw ay buntis, maaaring mabuntis o nagpapasuso](#)

**Scotland:** [Basahin ang pinakabagong payo sa bakuna sa COVID-19 kung ikaw ay buntis, maaaring mabuntis o nagpapasuso](#)

**Wales:** [Basahin ang pinakabagong payo sa bakuna sa COVID-19 kung ikaw ay buntis, maaaring mabuntis o nagpapasuso](#)

Hindi ka dapat magkaroon ng bakuna sa COVID-19 kung mayroon kang malalang allergy (kasama ang anaphylaxis) sa nakaraang dosis ng parehong bakuna o alinman sa mga sangkap ng bakuna.

Ang mga taong mayroong immunosuppression at impeksyon sa HIV (anuman ang bilang ng CD4) ay dapat bigyan ng bakuna.

Ang mga taong may sakit sa dugo at mga karamdaman sa pagdurugo ay maaari pa rin na makatanggap ng bakuna ngunit maaaring kailanganin na kumunsulta sa kanilang tagapagbigay ng pangangalaga upang matiyak na ibibigay ito sa tamang orsa sa panahon ng paggamot.

## **KUNG PAANO IBINIBIGAY ANG BAKUNA SA COVID-19**

Ang bakuna ng COVID-19 ay ibinibigay lahat bilang isang iniksiyon sa iyong itaas na braso. Ibinibigay ang mga ito bilang dalawang dosis. Magkakaroon ka ng pangalawang dosis sa tatlo hangang 12 linggo pagkatapos magkaroon ng unang dosis.

Kapag natanggap mo ang iyong unang bakuna bibigyan ka ng maliit na kard na mayroong mga detalye ng bakuna rito. Dapat mong panatilihin ang kard na ito. Kung kailangan mong kunin ang iyong pangalawang dosis ng bakuna sa ibang sentro ng pagbabakuna titiyakin ng kard na makakatanggap ka ng tamang uri ng bakuna.

## **KUNG PAANO MAKUKUHA ANG BAKUNA SA COVID-19**

Ang mga bakunang COVID-19 na inaalok ng NHS ay malayang magagamit sa lahat ng may sapat na gulang sa UK, anuman ang katayuan sa imigrasyon.

Mas madaling makuha ang bakuna kung nakarehistro ka sa isang General Practitioner (GP). Titiyakin nito na mayroon kang numero ng NHS at maaaring mag-book ng appointment sa pagbabakuna kapag naging karapat-dapat ka (batay sa dad o kondisyong pangklinikal). Ang pagrehistro sa isang GP ay nangangahulugang maaari mong ma-access ang iba pang mga serbisyong pangkalusugan at pangangalaga.

Ang isang GP ay isang medical na doktor ng pamilya. Sa [England](#), [Scotland](#) at [Wales](#), ang bawat isa ay maaaring magparehistro sa isang GP at makatanggap ng mga serbisyo sa pangunahing pangangalaga nang walang bayad, anuman ang katayuan sa imigrasyon.

Kung hindi ka pa nakarehistro sa isang GP dapat kang makahanap ng isang lokal na GP at magparehistro ngayon, kahit na hindi ka pa karapat-dapat para sa bakuna. Maaari kang makahanap ng isang GP malapit sa kung saan ka nakatira gamit ang website ng NHS para sa [England](#), [Scotland](#) o [Wales](#), o maaari kang tumawag sa iyong lokal na GP at hilinging magparehistro bilang isang pasyente.

Maaari lamang irehistro ng GP Surgey ang mga taong nakatira sa kanilang lokal na lugar. Kung nakatira ka sa labas ng hangganan ng GP Surgey kakailanganin mong maghanap ng isa pang GP na malapit sa iyong tinitirhan.

Kakailanganin mong sagutan ang isang form upang magparehistro sa isang GP. Maaari mong suriin ang website ng GP Surgey upang makita kung maaari kang magparehistro sa online. Dapat mong hilingin na magparehistro bilang isang permanenteng pasyente (hindi isang pansamantalang pasyente). Maaari kang humiling tulong sa GP Surgery para sagutan ang form kung kailangan mo ito.

## **Kailangan ko ba ng mga dokumento upang magparehistro sa isang GP?**

Maaaring hilingin sa iyo ng ilan sa mga surgery na magbigay ng mga dokumento, tulad ng patunay ng tirahan, patunay ng pagkakakilanlan o patunay ng katayuan sa imigrasyon, o isang numero ng NHS upang magparehistro, ngunit hindi ka dapat nila tangihin na iparehistro kung hindi mo maibigay ang mga ito.

Kung hindi mo maibigay ang mga documentong ito, dapat mong sabihin na wala ang mga dokumentong ito ngunit nakatira ka sa loob ng hangganan at nais mong magparehistro sa GP bilang isang pasyente.

Kung nakakaranas ka ng mga problema kapag nagpaparehistro sa isang GP, maaaring makatulong sa iyo ang mga sumusunod na resource. Kung nagpaparehistro ka online at hiningi ang mga dokumento, maaari kang mag-email sa mga resource sa GP surgey:

- **Ang NHS England** ay gumawa ng mga dilaw na kard upang matulungan ang mga tao na walang mga dokumento upang magrehistro sa isang GP sa England. Maaari mong ipakita ang kard sa resepsyonista ng GP kapag pumunta ka para magparehistro. Maaari kang makakuha ng isang dilaw na kard mula sa mga lokal na charity, mga foodbanks, iyong lokal na healthwatch o mula sa Doctors of the World.
- **Ang Scottish Government** ay naglabas ng patnubay sa mga GP sa Scotland nagsasaad: “Walang kinakailangang mga dokumento upang magparehistro sa isang GP. Ang kawalan ng kakayahan ng isang pasyente na magbigay ng pagkakakilanlan o patunay ng address ay hindi makatuwirang batayan upang tangihian o maantala ang pagrehistro ng isang pasyente”.
- **Nakasaad sa gabay para sa mga doctor ng British Medical Association** sa England, Scotland, Wales and Northern Ireland “Kung ang isang pasyente ay hindi makapagbigay ng mga dokumento ng pagkakakilanlan, hindi makatuwirang batayan na tanggihan ang pagrehistro sa kanila”.

Kung ang GP practice ay tumanggi na iparehistro ka, ang mga pasyente sa England ay maaaring tumawag sa 0300 311 2233. Ang mga pasyente sa Scotland at Wales ay dapat makipag-ugnay sa iyong lokal na Lupon ng Pangkalusugan. Ang mga pasyente ay maaari makipag-ugnay sa Doctors of the World sa 0808 1647 686 (libreng numero ng telepono) para sa tulong sa pagrehistro sa isang GP.

## **Kung ikaw ay walang bahay**

Maaari kang magparehistro sa isang GP kung wala kang permanteng address. Dapat mong ipaliwanag sa GP practice na wala kang permanenteng address ngunit ikaw ay naninirahan sa lugar na iyon at nais na magparehistro bilang isang pasyente. Maaari kang gumamit ng isang pansamantalang address, na maaaring isang address ng kaibigan o isang day center, o maaaring irehistro ka ng dpkto nang walang address.

Dapat mong tiyakin na ang GP ay may isang paraan ng pakikipag-ugnay sa iyo sa pamamagitan ng telepono kung kailangan nila (halimbawa, may mga resulta sa pagsusuri).

## **Kung nananatili ka sa akomodasyon ng mga asylum seekers**

Kung ikaw ay isang asylum seeker nananatili sa Akomodasyon ng Home Office o sa akomodasyon ng contingency, tulad ng isang hotel, dapat mong gamitin ang address ng akomodasyon na ito kapag nagparehistro sa isang GP at sabihin na wala kang katibayan ng mga dokumento sa address dahil ikaw ay nasa akomodasyon ng asylum na ibinigay ng Home Office. Kung tumanggi ang isang GP na magrehistro sa iyo, dapat kang makipag-usap sa nagbigay sa iyong akomodasyon o sa Tulong ng Migrante sa 0808 8010 503 (libreng numero ng telepono).

Kung nalaman mong ililipat ka ng bagong akomodasyon ng Home Office, hindi mo dapat ipagpaliban ang pagkuha ng bakuna sa COVID-19 hanggang sa ilipat ka. Maaari kang makatanggap ng iyong pangalawang dosis ng bakuna sa isang sentro ng pagbabakuna malapit sa iyong bagong tirahan.

Dapat mong ingatan ang maliit na kard na ibinigay sa iyo sa unang appointment sa pagbabakuna at dalhin ito sa iyong pangalawang appointment upang matiyak ng sentro ng pagbabakuna na makakatanggap ka ng tamang uri ng bakuna.

## Pag-book ng appointment sa pagbabakuna

### England

Maaari mong i-book ang iyong appointment sa pagbabakuna sa online kung alinman sa mga sumusunod na naaangkop:

- ikaw ay nasa edad 55 o higit pa
- ikaw ay nasa mataas na panganib mula sa coronavirus (mga may pangmatagalang kondisyon sa kalusugan)
- mas malaki ang panganib sa mga komplikasyon mula sa coronavirus dahil sa mayroon nang mga problemang medical (tulad ng COPD, hika, problema sa puso, sakit sa bato o atay, diabetes at iba pang mga pangmatagalang problema sa kalusugan)
- ikaw ay isang karapat-dapat na frontline health worker
- ikaw ay isang karapat-dapat na frontline social care worker
- ikaw ay may kapansanan sa pagkatuto
- ikaw ay karapat-dapat na Carer's Allowance

Maaari kang mag-book ng appointment sa isang mas malaking sentro ng pagbabakuna o isang parmasya na nagbibigay ng mga bakuna sa COVID-19. Hindi mo kailangan maghintay para makipag-ugnay ng NHS.

Maaari mong i-book ang iyong appointment sa pagbabakuna ng COVID-19 sa online.

### Scotland

Makakatanggap ka ng isang sulat ng paanyaya o tawag sa telepono kasama ang mga detalye ng iyong appointment. Kung pupunta ka sa iyong appointment, hindi mo kailangang gumawa ng anumang bagay upang kumpirmahing pupunta ka sa appointment. Maaari kang magpa-iskedyul muli o kanselahin ang iyong appointment kung hindi ka makakapunta upang ang iyong appointment ay maibigay sa ibang tao.

### Wales

Kapag pagkakataon mo na upang tumanggap ng bakuna, direktang makikipag-ugnay ang NHS sa iyo. Maaaring makikipag-ugnay sa pamamagitan ng alinman sa telepono o liham.

## I-report ba ako sa Home Office kung natanggap ko ang bakuna?

Ang iyong impormasyon ay hindi ibabahagi sa departamento ng imigrasyon ng Home Office kapag na-access mo ang isang serbisyo ng NHS na libre para sa lahat, anuman ang katayuan sa imigrasyon. Kasama rito ang mga serbisyong GP at serbisyong pagsusuri sa COVID-19, paggagamot at pagbabakuna.

Hindi ka dapat hilingan sa iyo na patunayan ang iyong katayuan sa imigrasyon kapag nagparehistro sa isang GP o sa pag-book ng isang appointment sa pagbabakuna ng COVID-19.



Ang ilang ospital ng NHS at serbisyo sa pamayanan na hindi nauugnay sa pagsusuri, paggagamot o pagbabakuna para sa coronavirus ay hindi libre para sa mga taong walang katayuan sa immigrasyon. Ang mga serbisyong ito ay maaaring magbahagi ng impormasyon tungkol sa iyo, tulad ng pangalan, address at petsa ng kapanganakan, sa departamento ng imigrasyon ng Home Office. Ito ay upang kumpirmahin ang iyong kasalukuyang katayuan sa imigrasyon o upang mag-ulat ng mga nabayaranang bayaran sa pangangalagang pangkalusugan. Ang impormasyon tungkol sa iyong kalusugan ay hindi maibabahagi.

Sa mga pangyayari kung saan may mga alalahanin sa kaligtasan para sa mg indibidwal o publiko, maaaring kailanganin ang mga serbisyo ng NHS upang ibahagi ang impormasyon ng pasyente sa pulisya, mga korte at mga kagawaran ng gobyerno.

## **GAANO KALIGTAS ANG BAKUNA SA COVID-19?**

Ang mga bakuna na naaprubahan para magamit sa UK ay nakamit ang mahigpit na pamantayan ng kaligtasan, kalidad at pagiging epektibo na itinakda ng independent Medicines and Healthcare products Regulatory Agency (MHRA).

Ang anumang bakunang coronavirus na naaprubahan ay dapat dumaan sa lahat ng mga klinikal na pagsubok at mga pagsusuri sa kaligtasan na lahat ng iba pang mga lisensyadong gamot ay dumaan. Sinusunod ng MHRA ang mga pamantayang pang-internasyonal na kaligtasan.

Ang lahat na mga bakuna ay nasubukan sa pagitan ng 15,000 hanggang 50,000 katao sa buong mundo. Sinubukan ang mga ito sa kapwa kalalakihan at kababaihan, sa mga taong mula sa iba't ibang etniko na pinagmulan, at ng lahat ng edad sa pagitan 18-84. Ang pag-aaral ay magpapatuloy kahit na sa panahon ng pagbabakuna upang tingnan kung gaano sila kaepektibo sa pag-iwas sa impeksyon o pagdadala ng virus na maaaring maipasa sa iba, at upang mapalawak ang kanilang paggamit para sa mga bata.

Sa ngayon, milyun-milyong tao na ang nabigyan ng bakuna sa COVID-19 at ang mga ulat ng malubhang epekto, tulad ng mga ng allergy ay napakabihira. Walang pang-matagalang komplikasyon ang naiulat.

Upang malaman ang iba pa tungkol sa mga bakunang inaprubahan sa UK, tingnan sa:

- [GOV.UK: Pfizer/BioNTech bakuna sa COVID-19 inaprobahan ng MHRA \(English only\)](#)
- [GOV.UK: Oxford/AstraZeneca bakuna sa COVID-19 inaprobahan ng MHRA \(English only\)](#)
- [GOV.UK: Moderna bakuna sa COVID-19 inaprobahan ng MHRA \(English only\)](#)

## **GAANO KABISA ANG BAKUNA SA COVID-19?**

Ang unang dosis ng alinman sa mga bakuna sa COVID-19 ay dapat magbigay sa iyo ng mahusay na proteksyon mula sa coronavirus. Ngunit kailangan mong magkaroon ng

dalawang dosis ng bakuna upang mabigyan ka ng mas matagal na proteksyon. Mayroong isang pagkakataon na maaari kang makakuha pa rin o mahawaan ng coronavirus kahit na mayroon kang bakuna. Nangangahulugan ito na mahalaga na:

- patuloy na sundin ang patnubay pagpapanatili ng pagitan mula sa kapwa-tao
- kung maari, magsuot ng isang bagay na tumatakip sa iyong ilong at bibig sa mga lugar kung saan mahirap na lumayo sa ibang tao

## **MGA EPEKTO NG BAKUNA SA COVID-19**

Karamihan sa mga epekto ng bakuna sa COVID-19 ay banayad at hindi dapat tumatagal ng mas mahaba sa 2-3 araw tulad ng:

- pamamaga ng braso kung saan itinusok ang karayom
- pakiramdam ng pagod
- sakit ng ulo
- pakiramdam ng pangangati
- pakiramdam na may sakit
- mataas na temperature o lagnat

Maaari kang uminum ng mga pampawala ng sakit, tulad ng paracetamol, kung kailangan mo.

Kung mayroon kang mataas na temperatura na tumagal ng higit sa 48 oras maaaring mayroon kang coronavirus o ibang impeksyon. Ang pag-ubo at pagkawala ng amoy o panlasa ay hindi isang epekto ng bakuna kaya kung nagkaroon ka ng mga sintomas na ito dapat kang magsagawa ng pagsusuri para sa coronavirus sa pamamagitan ng pagpunta sa online.

Kung ang iyong mga sintomas ay lumala, tumagal nang higit sa 48 oras o nag-aalala ka, tawagan ang iyong GP sa pagitan ng 8 ng umaga at 6:30 ng gabi o 111 sa iba pang mga oras (ito ay isang libreng numero upang tawagan). Maaari kang makakuha ng isang interpreter sa iyong wika sa pamamagitan ng paulit-ulit na pagsagot ng “**yes**” sa lahat ng mga katanungan.



## Reaksyon sa allergy

Sabihin sa mga kawani sa pangangalaga ng kalusugan bago ka magpabakuna kung nagkaroon ka ng malalang reaksiyon sa allergy. Hindi ka dapat magkaroon ng bakuna sa COVID-19 kung mayroon kang malalang reaksiyon sa allergy (kasama ang anaphylaxis) sa:

- sa isang dating dosis ng parehong bakuna
- alinman sa mga sangkap sa bakuna

Ang mga malubhang reaksiyon sa allergy ay bihira. Kung nagkaroon ka ng reaksiyon sa bakuna, karaniwang nangyayari ito sa loob ng ilang minuto. Ang mga tauhan at boluntaryo sa mga sentro ng pagbabakuna ay sinanay upang makapagbigay lunas agad sa mga may reaksiyon sa allergy at agad na magamot sila.

Maaari kang mag-ulat ng anumang pinaghihinalaang epekto gamit ang [planong pang kaligtasan ng Dilaw na Kard ng Coronavirus](#).

## SANGKAP NG BAKUNA SA COVID-19

Ang mga naaprubahang bakuna sa COVID-19 ay hindi naglalaman ng anumang mga produktong hayop o itlog.

Nirerekomenda ng British Islamic Medical Council [na ang bakuna ay dapat makuha](#) . Ang Simbahang Katoliko ay nagsabi na [ang paggamit ng mga bakuna sa COVID-19 ay moral na katanggap-tanggap](#).

## KARAGDAGANG IMPORMASYO

Doctors of the World: [klinika at isinaling COVID-19 impormasyon](#)

British Red Cross: [Bakuna sa COVID-19:ano ang kailangan mong malaman](#)

NHS England: [Bakuna sa Coronavirus \(COVID-19\)](#)

NHS Inform: [Ang bakuna sa coronavirus \(COVID-19\)](#)

Public Health Wales: [Impormasyon ng bakuna sa COVID-19](#)